

Kagawaran ng Edukasyon

Araling Panlipunan 10

Migrasyon

Ikalawang Markahan – Ikalimang Linggo



Aileen C. Peñaranda

Simon Jay De Leon

Mary Rhine B. Mallorca

Ricky T. Marcelino

Manunulat

Mark Joseph C. Fernandez

Tagasuri

Mariel Eugene L. Luna

Katibayan ng Kalidad



Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



INAASAHAN

Matutunghayan sa bahaging ito ang isa sa mga kinahaharap na isyu ng ating bansa na lubos na nakapagpapabago sa buhay ng maraming Pilipino, ito ay ang isyu ng migrasyon. Sa ating pagtalakay sa isyu na ito, kailangan ang bawat isa sa atin ay maging mapanuri at bukas ang isipan upang higit na maunawaan kung ano ba ang dahilan at epekto ng pag-alis ng tao sa kanyang kinagisnang lugar. Sa katunayan, maraming positibo ang dulot ng migrasyon ngunit sa kabilang banda ay mayroon din naman itong negatibong epekto na dapat nating maunawaan sa pag-aaral ng konsepto at konteksto ng migrasyon ng ating kapwa Pilipino. Bilang isang mag-aaral ay dapat tayong maging mapanuri sa nangyayari sa ating lipunan upang alam natin ang tamang pagtugon sa bawat isyu na kinahaharap ng ating bansa.

Tayo na't pag-aralan ang mga inihandang gawain upang lalo pang mapalalim ang iyong pagkaunawa sa migrasyon at ang mga dahilan at epekto nito sa ating buhay at sa bansang kinabibilangan.



UNANG PAGESUBOK

Bilang panimula, subukin mong sagutan ang paunang pagsusulit upang matukoy ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa mga paksa na tatalakayin. Bigyang-pansin ang mga tanong na hindi masasagutan nang wasto at alamin ang sagot nito sa iba't ibang aralin sa modyul na ito.

Panuto: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang titik ng wastong sagot sa bawat katanungan.

1. Ano ang migrasyon?
 - A. Proseso ng pag-alis o paglipat mula sa isang lugar
 - B. Proseso ng pag-alis o paglipat sa kaguluhan ng mga mamamayan
 - C. Proseso ng pag-alis o paglipat dulot ng mga hindi inaasahang pangyayari sa lugar na pinagmulan.
 - D. Proseso ng pag-alis o paglipat mula sa isang lugar o teritoryong politikal patungo sa isang lugar pansamantala man o permanente
2. Tawag sa isang indibidwal na paalis ng lugar patungo sa panibagong lugar.
 - A. Emigrant
 - B. Immigrant
 - C. Irregular
 - D. Migrant
3. Terminong gamit kapag ang isang indibidwal ay dumating sa panibagong lugar upang magtrabaho o manirahan.
 - A. Emigrant
 - B. Immigrant
 - C. Irregular
 - D. Migrant
4. Si Cardo ay taga-Leyte at nagdesisyong magtrabaho at manirahan na sa Maynila upang mas higit na matugunan ang pangangailangan ng kanyang pamilya. Anong uri ng migrasyon ito?
 - A. External Migration
 - B. Internal Migration
 - C. Permanent Migration
 - D. Temporary Migration

5. Ang pamilya Peñaranda ay hinihikayat ng kanilang kamag-anak na nasa Australia na doon na lamang manirahan at may nag-iintay rin na magandang oportunidad na trabaho. Nagdesisyon ang pamilya na umalis sa bansang kinabibilangan at lumipat sa Australia. Ano ang tawag sa ganitong uri ng migrasyon?
 - A. External Migration
 - B. Internal Migration
 - C. Irregular
 - D. Temporary Migration
6. Tumutukoy sa dami o bilang ng mga nandarayuhang pumapasok sa isang bansa sa isang takdang panahon na kadalasan ay kada taon.
 - A. Flow
 - B. Outflow
 - C. Net migration
 - D. Stock
7. Alin sa mga pahayag ang tumutukoy sa kahulugan ng *outflow*?
 - A. Tumutukoy sa mga taong gusto lumipat ng ibang bansa
 - B. Bilang ng mga tao na umaalis o lumalabas ng bansa
 - C. Taong pinapangarap na makapanirahan at makapagtrabaho sa ibang bansa
 - D. Bilang ng mga tao na mas gusto na makapagtrabaho at makapanirahan lamang sa loob ng bansang kinagisnan
8. Tawag sa bilang ng mga nandayuhan na naninirahan o nananatili sa bansang nilipatan.
 - A. Flow
 - B. Net migration
 - C. Outflows
 - D. Stock
9. Tumutukoy sa mga mamamayan na nagtungo sa ibang bansa hindi dokumentado, walang permit para magtrabaho at sinasabing overstaying sa bansang pinuntahan.
 - A. Irregular migrants
 - B. Migrants
 - C. Permanent migrants
 - D. Temporary migrants
10. Kilala rin bilang migrasyong panlabas ay kapag lumipat ang tao sa ibang bansa para doon na manirahan o mamalagi nang matagal na panahon
 - A. External Migration
 - B. Internationall Migration
 - C. Irregular
 - D. Temporary Migration
11. Alin ang hindi dahilan ng pag-alis o paglipat ng migrasyon?
 - A. Hanapbuhay na makapagbibigay ng malaking kita na inaasahang maghahatid ng masaganang pamumuhay
 - B. Paghahanap ng ligtas na tirahan.
 - C. Pagbabakasyon.
 - D. Panghihikayat ng mga kapamilya o kamag-anak na matagal nang naninirahan sa ibang bansa.
12. Madalas na pantukoy sa mga taong umaalis o lumalabas ng bansa.
 - A. Emigration
 - B. Departures
 - C. Outflows
 - D. Lahat ng Nabanggit
13. Noong taong 2013, saang kontinente nagmula ang pinakamalaking bilang ng mga imigrante na lumabas ng kanilang bansa?
 - A. Europe
 - B. Asya
 - C. Africa
 - D. Timog Amerika
14. Ano ang bumubuo sa 48 porsiyento ng mga imigrante na halos dumarami pa para maghanapbuhay?
 - A. Kababaihan
 - B. Kalalakihan
 - C. Kabataan
 - D. Matatanda
15. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** kabilang sa anyo at daloy ng migrasyon?
 - A. Pagbabagong pangkabuhayan
 - B. Kultural
 - C. Pampolitikal
 - D. Panrelihiyon



GAWAIN 1: AKO’Y NAKARAAN, SANA’Y MATANDAAN

Ngayong panahon ng pandemya, marami ang naapektuhang tao sa iba’t ibang aspeto lalo na pagdating sa kabuhayan. Marami ang nawalan ng trabaho dahil sa pagpapatupad ng *lockdown* na kung saan ang ibang kompanya ay tumigil muna sa paggawa ng produkto o serbisyo. Mula sa ating nagdaang aralin ukol sa **UNEMPLOYMENT AT UNDEREMPLOYMENT**, sagutan ang gawain na **CHART ANAYLSIS** upang higit natin maunawaan kung ano ba ang epekto nito sa mga tao.



Bilang isang kabataan, ano ang mga hakbang na maaari nating gawin para hindi tayo mapabilang sa may mga walang trabaho pagdating ng panahon?





PAGPAPAKILALA NG ARALIN

GAWAIN 2: TARA, USAP TAYO!



Mayroon ba kayong mga kakilala o kaanak na naghahanapbuhay sa ibang bansa? Kung gayon, magsagawa ng isang panayam sa isang indibidwal na nasa ibang bansa o nangibang bansa. Maaring gumamit ng iba't ibang paraan katulad ng *text*, *call*, *messenger*, o *video call* upang makapagsagawa nito na hindi nilalabag ang mga panuntunan sa pag-iwas sa pagkakaroon ng sakit.

Sa pagsasagawa ng pakikipagpanayam, punan ang talahanayan sa ibaba ukol sa mga mahahalagang sagot na ibinigay ng iyong kapanayam.

Pangalan ng Kaanak na nasa ibang bansa: _____

Bansang Kinaroroonan: _____

Bilang ng Taon o Buwan na nasa Ibang Bansa: _____

Mga Dahilan ng Pag-alis sa Pilipinas ng Kaanak	Inasahang/Inaasahang Buhay ng Kaanak sa Ibang Bansa	Mga Bagay na Inaasam/Hinahangad ng Iyong Kaanak sa Pilipinas

PAMPROSESONG TANONG:

1. Ano ang iyong masasabi sa mga dahilan ng kanyang pag-alis sa Pilipinas?
_____.
2. Sa paanong paraan kaya makakatulong ang pamahalaan upang makamit niya ang kanyang inaasam at hinahangad na bagay sa Pilipinas?
_____.
3. May kaunlaran kayang matatamasa ang Pilipinas kung maraming Pilipino ang maghahanapbuhay sa ibang bansa?
_____.

Sa kasalukuyan, mayroong kabaligtarang kaugnayan (inverse correlation) ang lagay ng pandaigdigang ekonomiya at ang laki ng populasyon ng mga bansa. Kadalasang may mataas na antas ng kabuhayan ang mga bansang maliit ang populasyon, samantalang nakararanas ng hamon sa kabuhayan ang mga bansang may higit na malaki ang populasyon. Ang ganitong kalagayan ay ang nag-uudyok sa mga tao na mangibang-bayan o bansa.

Ang **MIGRASYON** ay tumutukoy sa proseso ng **pag-alis o paglipat** mula sa isang lugar o teritoryong politikal patungo sa iba pa maging ito man ay **pansamantala o permanente**. Dahil sa globalisasyon, dalawang pangunahing anyo ng migrasyon ang nangyayari: una, ay ang paglipat ng tao upang manirahan sa mga pook urban (gaya ng mula sa pamayanang rural sa loob ng isang bansa) at pangalawa, ang paglipat ng mga tao mula sa kanilang bansa tungo sa mas maunlad na bansa. Ito rin ay tugon ng mga Pilipino sa kahirapang dinaranas. Pangunahing layunin ang paghanap ng mas magandang oportunidad sa ibang bansa.



<https://www.rappler.com/corruption/62055-history-migration-filipinos>

Narito ang mga terminolohiya na kailangang malaman upang mas higit na maunawaan ang konsepto ng migrasyon.

1. **Emigrant (emigrante)** – ang mga taong paalis sa kanilang bayan upang manirahan sa ibang bansa (umaalis ng bansa).
2. **Immigrant (imigrante)** – ang mga taong nagsimulang itaguyod ang kanilang pamumuhay sa ibang bansa. (pumapasok sa isang bansa).
3. **Irregular migrants** – ay ang mga mamamayan na nagtungo sa ibang bansa na hindi dokumentado, walang permit para magtrabaho at sinasabing overstaying sa bansang pinuntahan.
4. **Temporary migrants** – naman ang tawag sa mga mamamayan na nagtungo sa ibang bansa na may kaukulang permiso at papeles upang magtrabaho at manirahan nang may takdang panahon.
5. **Permanent migrants** – ay ang mga overseas Filipinos na ang layunin sa pagtungo sa ibang bansa ay hindi lamang trabaho kundi ang permanenting paninirahan sa piniling bansa.
6. **Flow** – tumutukoy sa dami o bilang ng mga nandarayuhang pumapasok sa isang bansa sa isang takdang panahon na kadalasan ay kada taon.
 1. **Outflow** – mga tawag sa mga taong umaalis o lumalabas ng bansa.
 2. **Stock** – ay ang bilang ng mga nandarayuhang na naninirahan o nananatili sa bansang nilipatan.
 3. **Internal Migration** – tinatawag din na panloob na migrasyon na kung saan ito ay paglipat sa loob lamang ng bansa.
 4. **International Migration** – kilala rin bilang migrasyong panlabas ay kapag lumipat ang tao sa ibang bansa para doon na manirahan o mamalagi nang matagal na panahon.




GAWAIN

Ang migrasyon ay isang gawain na di-karaniwan. Mula sa sandaang Pilipino na lumipat sa ibang bansa, dumami ito sa libo at ngayon ay milyon

Mula sa ating pinag-aralan, nais kong suriin mo kung ano ba ang mabuti at hindi mabuting epekto ng migrasyon pagdating sa iba't ibang aspeto sa pamamagitan ng iba't ibang gawain.

GAWAIN 3: FRAYER'S MODEL



TANDAAN

Panuto: Gumuhit ng simpleng poster na nagbibigay ng sanhi ng walang humpay na pangigingibang-bayan ng marami sa ating mga Pilipino. Ipalawanag ang inyong mga iginuhit sa isang maigsing pangungusap.

GAWAIN 5: Paint Me a Picture!

Ipalawanag ang simbolo:




PAG-ALAM SA NATUTUHAN

Sa pagkakataong ito, lubos na nating naintindihan ang sakripisyo ng mga ating mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa o ang mga tinatawag na Overseas Filipino Workers na kung saan sa kabila ng kanilang pagsasakripisyo ay may kapalit na magandang epekto sa kabuhayan, lipunan, pampolitikal, at sa kanilang pansariling pangangailangan.

GAWAIN 8: KUNG IKAW SIYA?

Panuto: Malalim na ang iyong nalalaman sa paksang tinatalakay, ngayon ay subukan nating kunin ang iyong pananaw kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataong magdesisyon.



Sitwasyon: **MATAAS NA DEMAND SA MGA OFW**

Paano mo lulutasin ang sitwasyong ito kung ikaw ay isang _____ ?



https://www.iconfinder.com/icons/379383/3_student_icon

MAG-AARAL



<https://news.mb.com.ph/2020/04/07/dole-expedites-assistance-to-workers/>

KALIHIM NG DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT (DOLE)



<https://www.philippine-embassy.org.sg/about-us-2/the-president-of-the-philippines/>

PANGULO NG PILIPINAS



I. Panuto: Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Paano mo bibigyang kahulugan ang migrasyon?
 - A. Tawag sa pagbisita ng isang tao sa kanyang kamag-anak na nasa ibang bansa
 - B. Pagpunta sa ibang lugar upang makapagbagong buhay mula sa kinagisnang buhay.
 - C. Tawag sa pag-alis o paglipat ng isang lugar o teritoryong politikal patungo sa iba pang bahagi permanente man o panandalian
 - D. Pagbibigay ng karapatan sa mga taong may kapasidad makapanirahan sa iba't ibang bahagi ng daigdig na kung saan ay maaari din nila madala ang kanilang kamag-anak dito.
2. Tawag sa mga mamamayan na nagtungo sa ibang bansa na may kaukulang permiso at papeles upang magtrabaho at manirahan nang may takdang panahon.
 - A. Irregular Migrant
 - B. Migrant
 - C. Permanent migrant
 - D. Temporary migrant
3. Mamamayan na nagtungo sa ibang bansa na hindi dokumentado, walang permit para magtrabaho at sinasabing overstaying sa bansang pinuntahan.
 - A. Irregular Migrant
 - B. Migrant
 - C. Permanent migrant
 - D. Temporary migrant
4. Overseas Filipinos na ang layunin sa pagtungo sa ibang bansa ay hindi lamang trabaho kundi ang permanenting paninirahan sa piniling bansa.
 - A. Irregular Migrant
 - B. Migrant
 - C. Permanent migrant
 - D. Temporary migrant
5. Si Jenny ay taga Ilocos at nagdesisyong magtrabaho at manirahan na sa Maynila upang mas higit na matugunan ang pangangailangan ng kanyang pamilya. Anong uri ng migrasyon ito?
 - A. External Migration
 - B. Internal Migration
 - C. Permanent Migration
 - D. Temporary Migration

II. Matching Type: Hanapin sa Hanay B ang kahulugan na tinutukoy sa Hanay A.

HANAY A

- _____ 6. Emigrant (emigrante)
- _____ 7. International Migration
- _____ 8. Irregular migrants
- _____ 9. Permanent migrants
- _____ 10. Outflow
- _____ 11. Stock
- _____ 12. Flow
- _____ 13. Immigrant (imigrante)
- _____ 14. Internal Migration
- _____ 15. Temporary Migration

HANAY B

- A. Taong paalis sa kanilang bayan upang manirahan sa ibang bansa (umaalis ng bansa).
- B. Overseas Filipinos na ang layunin sa pagtungo sa ibang bansa ay hindi lamang trabaho kundi ang permanenting paninirahan sa piniling bansa.
- C. Kilala bilang migrasyong panlabas ay kapag lumipat ang tao sa ibang bansa para doon na manirahan o mamalagi nang matagal na panahon.
- D. Tawag sa mga taong umaalis o lumalabas ng bansa.

- E. Mamamayan na nagtungo sa ibang bansa na hindi dokumentado, walang permit para magtrabaho at sinasabing overstaying sa bansang pinuntahan
- F. Tawag sa mga mamamayan na nagtungo sa ibang bansa na may kaukulang permiso at papeles upang magtrabaho at manirahan nang may takdang panahon.
- G. Tumutukoy sa dami o bilang ng mga nandarayuhang pumapasok sa isang bansa sa isang takdang panahon na kadalasan ay kada taon.
- H. Tinatawag din na panloob na migrasyon na kung saan ito ay paglipat sa loob lamang ng bansa.
- I. Taong nagsimulang itaguyod ang kanilang pamumuhay sa ibang bansa. (pumapasok sa isang bansa).
- J. Bilang ng mga nandayuhang na naninirahan o nananatili sa bansang nilipatan

Sanggunian:

Antonio, Eleanor D., Dallo, Evangeline M., Imperial, Consuelo M., Samson, Maria Carmelita B. & Soriano, Celia. *Kayamanan; Mga Kontemporaryong Isyu*, Sampaloc, Manila: ,Rex Book Store, Inc. (RBSI), C 2017

Urgel, Eliabeth T., Madrigal, Christopher L., Ramos, Dexter John V. & Javar, Roderick C., *Paglinang sa Kasaysayan (Kontemporaryong Isyu)*. Makati City: Diwa Learning Systems Inc. 2018

Sarenas, Diana Lyn R. *Mga Kontemporeong Isyu*. Quezon City: Sibs Publishing House, Inc. 2017.

Jose, Mary Dorothy dL., Ong, Jerome A., Navarro, Atoy M., Villan, Vicente C., PhD & Abejo, Arthur G.. *Mga Kontemporaryong Isyu*. Quezon City: Vibal Group, Inc 2017

ID,2A,3B,4b,5A,6A,7B,8D,9A,10B,11C,12D,13B,14A,15D

Unang Pagsubok

1C,2D,3D,4C,5B,6A,7C,8E,9B,10D,11J,12G,13I,14F,15H

Pangwakas na Pagsusulat

Susi sa Pagsusulat: